

Marso 19, 2021

Ahensya ng Serbisyong Imigrasyon

Mga gabay para sa mga may visa na mid-long term na nahihirapang bumalik ng sariling bansa dahil sa epekto ng COVID 19.

Dahilan sa epekto ng Corona virus, pinayagan ng Imigrasyon na ang visa na mid-long-term resident ay palitan ng temporary visa o designated activities visa na tatagal ng 3 buwan hanggang sa sila ay makabalik sa kanilang sariling bansa.

Subalit, kung patuloy na mahihirapang makabalik sa kanilang sariling bansa, simula ngayon, ang mga mid-long-term residents ay makakakuha ng visa na Designated activities na tatagal nang 6 na buwan (Basahin ang kalakip na dokumento 1). At sa mga mid-long-term residents na kulang 3 buwan na lamang ang natitirang visa ay pinapayagan nang kumuha ng visa na Designated Activities (6 na buwan) at sa panahon ng kanilang susunod na aplikasyon tulad ng extension ng kanilang pagtira (sa pag re-renew ng kanilang status of residence.)

Sa karagdagan, ang mga estudyante na nahihirapan pang makabalik sa kanilang sariling Bansa at nais mag-trabaho ay pinahihintulutan na mag-trabaho ng (part-time) na limitadong 28 oras sa loob ng isang linggo.

Sa karagdagan, ukol sa mga aplikanteng dating technical intern trainees, ang Asosasyong tumatanggap ay may pahintulot na ito ay iipunin at ipapasa ng Organisasyon ng mga pinuno.

(Note 1) Para maiwasan ang pagdagsa ng mga aplikante at bilang patakaran, ang application form ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo sa Tokyo Regional Immigration Bureau, lamang at kailangang makarating **pansamantala**

(Note 2) Para sa mga nabigyan na ng Status na Designated Activities (6 buwan), maaaring mag aplay 1 buwan bago ang renewal. Kung nakapag renew ng 1 buwan bago ng petsa ng pagkawalang bisa ng status of residence, ang resulta ng screening ay ipapaalam sa 1 buwan bago ma expire ang status of residence.

Dokumento Itinalagang Visa para sa mid-long-term residents na nahihirapang bumalik sa sariling bansa

(Mga Pamamaraan simula noong Mayo 21)

- ① “Student visa” mga banyagang estudyante na nagkaroon o kasalukuyang may hawak ng student visa.
(Sa mga nais maghanap ng trabaho)
Kasalukuyan “Temporary visitor (90 na araw)”
⇒ “Designated Activities (maaaring mag arubaito ng 28 oras sa isang linggo • 6 na buwan)”
(※) “Student visa” Para sa mga may permiso na magsagawa ng ibang akitibidades pagkaraan ng pagtatapos ay pinapayagang mag arubaito ng 28 oras sa isang linggo kahit hindi na kumuha muli ng permiso.

- ② “Technical intern trainees” o “Designated Activities*” Para sa mga nagkaroon o kasalukuyang may hawak na Technical intern trainees o Designated Activities na visa (mga nais magtrabaho)
(※) Internship (Numero 9), Banyagang Manggagawa sa Konstraksyon (Numero 32), Banyagang Manggagawa sa paggawa ng Barko (Numero 35), Banyagang Manggagawa sa Pabrik (Numero 42)
Kasalukuyan “Designated Activities (maaaring magtrabaho • 3 buwan)”
⇒ “Designated Activities (maaaring magtrabaho • 6 na buwan)”

- ③ Para sa mga residente na may hawak ng ibang visa (Kagaya ng nasa itaas na ① o kaya ② Residente na hindi nagnanais magtrabaho)
Kasalukuyan “Temporary visitor (90 araw)” (※)
⇒ “Designated Activities (hindi maaaring mag trabaho • 6 na buwan)”
(※) Maliban sa mga turista at temporary visitors na nakapasok ng Japan
(Note) Ang mga banyagang nahihirapang mamuhay sa Japan ay maaaring kumuha ng Status of Residence na Designated Activities at papayagang mag arubaito ng 28 oras sa 1 linggo.
Click [here](#) para sa impormasyon.

(Ang mga Pamamaraan tugon sa nasa ibaba ay hindi mababago)

- ① “Engineer • Specialists in Humanities • International Services” mga maaaring magtrabaho, Pagkawala ng trabaho sa gitna ng lumalalang sitwasyon ng paggamit ng manggagawa, mga nabalewala ang kontrata, mga nagtatrabaho sa sariling tahanan at iba pa.
<http://www.moj.go.jp/isa/content/930005727.pdf>
- ② Sa mga patuloy na naghahanap ng trabaho at naghihintay na makapasok sa naitalagang kompanya.
<http://www.moj.go.jp/isa/content/930005182.pdf>
- ③ Sa may hawak na Working holiday visa
<http://www.moj.go.jp/isa/content/930005530.pdf>
- ④ Mga sakop ng EPA nars • care-giver
<http://www.moj.go.jp/isa/content/930005565.pdf>